PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
National Association for Filipino Psychology



Ika-28ng Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino

Ang Nagbabagong Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Pagdaan ng Panahon

nobyembre 27-29, 2003 yuchengco room 407-409
pamantasang de la salle, taft avenue,manila

PHILAM LIFE

USON ASSOCIATES

m e n s a h e

Isang karangalan na muling maanyayahan ang lahat sa Taunang Kumperensiya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP). Ang pagdaos ng Kumperensiyang ito ay tanda ng patuloy na pagtugon ng PSSP sa hamon ng pagsuri, paglagom at paghabi ng mga bagong paglalahad ng pananaw tungkol sa mga paksa at usapin sa sikolohiya at kulturang Pilipino. Sinasalamin rin nito ang ibayong sigla at walang-patid na dedikasyon ng mga kasapi ng kilusang ito sa pagsulong ng disiplina ng sikolohiya sa kontekstong Pilipino.

Pamilya ang tema ng kumperensiya ngayong taon. Lubhang napapanahon ito para sa darating na selebrayon ng Taon ng Pamilya. Ang kumperensiyang ito ay pagtitipon ng mga dalubhasa mula sa iba't-ibang larangan ng sikolohiya, institusyong pang-akademiko, at grupong-pampamilya. Ang lawak ng mga disiplina at gawaing kinakatawan ng mga tagapagsalita ay inaasahang higit na magbubukas sa ating kaisipan tungkol sa mga kakaibang anyo ng pamilya sa kasalukuyang panahon, at ang nananatiling mga makabuluhang pagkakawangis ng mga ito sa kabila ng pagbabago sa mundo.

Kasama ng mga pinuno at kasapi ng Lupon ng Kumperensiya 2003 ng PSSP, binabati ko ang lahat sa ating pakikiisa sa mahalagang pagtitipon na ito.

Grace Aguiling-Dalisay
Pangulo, PSSP

layunin ng pssp

1. Upang suriin ang kakanyahan ng pagkatao at diwang Pilipino tungo sa pagbuo at pagpapalawak ng pambansang kamulatan at tungo sa ikabubuti ng sambayanang Pilipino.

2. Upang tiyakin ang mga gamit ng Sikolohiya at iba pang kaugnay na disiplina sa iba't ibang larangan tungo sa ikauunlad ng masang Pilipino lalung-lalo na sa edukasyon, medisina, agrikultura at industriya.

3. Upang suriin ang mga suliranin ng lipunang Pilipino mula sa malawakang pananaw ng agham panlipunan at upang magmungkahi ng kalutasan sa mga suliraning ito

4. Upang mapaunlad ang lahat ng aspekto ng diwang Pilipino tungo sa higit na mabisa at siyentipikong sikolohiyang pandaigdig

5. Upang mapaunlad ang aktibo at siyentipikong pakikipagtulungan at pakikipag-isa sa mga katulad na organisasyon sa Pilipinas at sa ibang bansa lalung-lalo na sa Asya.

lupon ng tagapamahala ng pssp 2003-2004

Grace Aguiling-Dalisay

Pangulo

Jay A. Yacat

Pangalawang Pangulo

Atoy M. Navarro

Kalihim

Cherrie Joy F. Billedo

Ingat-Yaman

Flordeliza Lagbao-Bolante

(ex-officio)

Alwin C. Aguirre

Geraldine R. Asis

Josefina R. Cantiller

Ma. Elna R. Cosejo

Ma. Angeles Guanzon-Lapeña

Elizabeth Protacio-De Castro

Mga Direktor

l a y u n i n n g k u m p e r e n s i y a

Pangkalahatang Layunin:

Mabigyang-halaga, masuri at maunawaan ang iba't ibang mukha ng pamilyang Pilipino sa nagbabagong panahon sa konteksto ng kultura at lipunang Pilipino.

Mga Tiyak na Layunin:

- Ilahad ang pangkalahatang katayuan at kalagayan ng pamilyang Pilipino.
- Ilahad ang iba't ibang pananaw at perspektibo sa pamilyang Pilipino.
- Suriin ang ugnayan ng pamilyang Pilipino sa iba't ibang institusyon at sektor sa kultura at lipunang Pilipino.
- Talakayin ang mga gamit at lapit ng iba't ibang larangan ng sikolohiya sa pamilyang Pilipino.



l u p o n n g k u m p e r e n s i y a

PANGKALAHATANG LUPON

Jay A. Yacat
Roberto Javier, Jr
Grace Aguiling-Dalisay
Flory Lagbao-Bolante
Cherrie Joy Billedo
Atoy Navarro
Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
Carmelo Callueng
Homer Yabut
Christine Ann de Villa
Alexis Araja
Michael Gumapos

PALATUNTUNAN AT PROGRAMA

Atoy Navarro
Robert Javier
Jay A. Yacat
Grace Aguiling-Dalisay
Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
Alwin C. Aguirre
Homer Yabut
Michael Gumapos
Donna Razon
Judy Atazan

PAGPAPATALA AT SEKRETARYAT

Jay Yacat
Christine Ann de Villa
Alexis Araja
Norman Bañez
Elna Cosejo
Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya, DLSU
UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino

PAANYAYA AT PROMOSYON

Atoy Navarro
Christine Ann de Villa
Alexis Araja
Norman Bañez
Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya, DLSU
UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino
Reagan Mark Riofrio

PANANALAPI AT MARKETING

Cherrie Joy Billedo
Jihan Osorio
Michael Lopez
Alice Genesis Corpus

DOKUMENTASYON AT LOHISTIKA

Elna Cosejo
Geraldine Asis
Homer Yabut
Michael Gumapos
Anton Bocaling

PROGRAMA ng KUMPERENSIYA

UNANG ARAW (Nobyembre 27)

UMAGA

08:00 **PAGPAPATALA/REHISTRASYON**

09:00 **PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN**

Pambansang Awit

Pagbubukas ng Kumperensya
Dr. Grace Aguiling-Dalisay
Tagapangulo, PSSP

Pagbati at Pagtanggap
Dr. Jesusa Marco
Dekano, College of Liberal Arts (DLSU)

Dr. Ellen Morada
Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya (DLSU)

Pagpapakilala ng mga Delegado

Pagpapakilala ng Panauhing Pandangal
Prop. Atoy Navarro
Kalhim, PSSP

Panauhing Pandangal
Kgg. Etta Rosales
AKBAYAN Sectoral Representative
House of Representatives
Republic of the Philippines

Pagpapaliwanag ng Tema ng Kumperensya

Guro ng Palatuntunan: **Prop. Flordeliza Lagbao-Bolante**

11:30 **ORGANISASYONAL NA PULONG NG PSSP**

Pag-uulat ng Pangulo
Dr. Grace Aguiling-Dalisay

UNANG SESYON:
IBA'T IBANG PANANAW AT PERSPEKTIBO SA PAMILYANG PILIPINO

01:00

"Ang Pangkalahatang Kalagayan ng Pamilyang Pilipino: Isang Pagtinging Demograpikal at Istatistikal"

Administrator Carmelita Ericta, *National Statistics Office*

"Ang Kasaysayan sa Pamilya at ang Pamilya sa Kasaysayan"

Dr. Francis Gealogo, *Ateneo de Manila University*

MALAYANG TALAKAYAN

03:00

"Pamilya, Pag-aaral, Pangarap: Isang Pagsilip sa Papel ng Pamilya sa Pagbubuo sa mga Hangarin ng mga Mag-aaral sa Hayskul"
Prop. Nestor Castro, *Unibersidad ng Pilipinas - Diliman*

"Teknolohiya at Pamilyang Pilipino"
G. Jose Bartolome, *GMA Network Inc.*
Prop. Cherrie Joy Billedo, *Unibersidad ng Pilipinas - Diliman*

MALAYANG TALAKAYAN

Tagapamagitan: Prop. Josefina Cantiller

IKALAWANG ARAW (Nobyembre 28)

IKALAWANG SESYON:
IBA'T IBANG INSTITUSYON AT PAMILYANG PILIPINO

08:00

"Ang Pamilyang Pilipino at ang Institusyon ng Simbahan"
Dr. Josefina Malibiran, *New Era University*

"Tanging Yaman, Tanging Ina: Ang Pinakatatanging Imahe ng Pamilya sa Pelikula"
Prop. Alwin C. Aguirre, *Unibersidad ng Pilipinas, Diliman*

MALAYANG TALAKAYAN

10:00

"Ang Paghahanap ng Mapagkalingang Pamilya: Ang Batas ng Pag-aampon"
Prop. Elizabeth Aguiling-Pangalangan, *Unibersidad ng Pilipinas, Diliman*

"Tahanan at Paaralan: Magkatuwang sa Pagpapalaki ng Kabataan"
Dr. Lilian Juadiong, *Unibersidad ng Pilipinsd, Diliman*

MALAYANG TALAKAYAN

Tagapamagitan: Prop. Ma. Angeles Guanzon-Lapeña

11:30 **POSTER PRESENTATIONS**

IKATLONG SESYON:
IBA'T IBANG SEKTOR AT PAMILYANG PILIPINO

01:00

"Internasyunal na Migrasyon ng Manggagawa at ang Pamilyang Pilipino: Pagsusuri ng mga Dimensiyong Siko-Sosyal"
Prop. Stella Go, *Pamantasang De La Salle*

"Pag-iibigan, Pagmamahalan at Pagpapamilya ng mga Lesbiyanang Pilipina"
Prop. Jennifer Josef, *Unibersidad ng Pilipinas - Baguio*

MALAYANG TALAKAYAN

03:00

"Ang mga Bakla at ang Nagbabagong Pamilyang Pilipino"
G. Jonas Bagas, *AKBAYAN* at *LAGABLAB*

"Ang Kabataan at ang Nagbabagong Pamilyang Pilipino"
Dr. Ma. Theresa Batangan, *Unibersidad ng Pilipinas – Diliman*

MALAYANG TALAKAYAN

Tagapamagitan: Prop. Elna Cosejo

IKATLONG ARAW (Nobyembre 29)

IKA-APAT NA SESYON:
IBA'T IBANG LARANGAN NG SIKOLOHIYA AT PAMILYANG PILIPINO

08:00

"Ang Sikolohiyang Pilipino at Terapiyang Pampamilya sa Pilipinas"
Dr. Violeta Villaroman-Bautista, *Unibersidad ng Pilipinas – Diliman*

"Ang Sikolohiyang Debelopmental at Sikolohiyang Pilipino sa Pag-aaral ng Pamilyang Pilipino"
Dr. Elizabeth Ventura, *Unibersidad ng Pilipinas – Diliman*

MALAYANG TALAKAYAN

10:00

"Padre de Pamilya: Phenomenolohiya ng Intimasi sa Asawa at Pagiging Malapit sa Anak na Lalaki"
Prop. Roberto Mendoza, *Pamantasang De La Salle*

"Ang Kabataang Pilipino sa Nagbabagong Kaayusan ng Pamilya"
Dr. Madelene Avila-Sta. Maria, *Pamantasang De La Salle*

MALAYANG TALAKAYAN

Tagapamagitan: Dr. Elizabeth Protacio-De Castro

11:30 **PANGWAKAS NA PALATUNTUNAN**

Paglalagom

Prop. Robert Javier Jr., *Pamantasang De La Salle*

Pagbibigay ng Katibayan ng Pagdalo

Dr. Grace Aguiling-Dalisay

Prop. Atoy Navarro

Pasasalamat

Prop. Carmello Callueng, *Pamantasang De La Salle*

Prop. Jay Yacat, *Pangalawang Pangulo, PSSP*

Guro ng Palatuntunan: Bb. Geraldine Asis

A B S T R A K

(nakatala ayon sa pagkakasunod-sunod sa programa)

Ang Pangkalahatang Kalagayan ng Pamilyang Pilipino: Isang Pagtinging Demograpikal at Istatistikal

Carmelita N. Ericta
National Statistics Office

Ang pamilyang Pilipino ay tinuturing na pinaka-payak na anyo ng lipunan, Ang struktura ng pamayanang ginagalawan at kinabibilangan nito ay may malaking ambag sa pangkalahatang kalagayan o sitwasyon ng humigit sa 15 milyong pamilya sa bansa. Sa pamamagitan ng pinakahuling "2000 Family Income and Expenditure Survey (FIES)" na isinagawa ng Pambansang Tanggapan ng Istadistika (National Statistics Office), ang layuning maipaalam ang ilan sa mga kalagayan ng Pamilyang Pilipino sa demograpikal at istatistikal na paraan ay naipahayag. Halimbawa ng mga ito ay ang kabuuang kita o sweldo, gastusin ng buong pamilya at ang pagkakaiba-iba nito sa mga rehiyon ng bansa. Inaalam din ng FIES ang antas ng edukasyon, uri ng hanapbuhay at iba pang karakter ng puno ng pamilya. Bukod sa mga ito, naging basehan din ang FIES sa pagsagot kung gaano ba kadami ang bilang ng mga naghihirap na pamilyang Pilipino sa ating bansa. Dahil tuwing ikatlong taon lang isininasagawa ang FIES, at upang matugunan ang pangangailangan ng napapanahong datos sa kalagayan ng kahirapan ng pamilyang Pilipino, isinasagawa rin ng NSO ang taunang surbey na tinawag na "Annual Poverty Indicator Survey (APIS)". Ito ay naglalayong alamin ang iba't-ibang indikasyon na may kinalaman sa kahirapan. Ilan sa mga indikasyong ito ay ang bilang ng pamilyang may pinagkukuhan ng malinis na tubig, may elektrisidad, may maayos na palikuran, may sariling bahay at lupa, may mga anak na may gulang na 6 hanggang 12 na nag-aaral sa elementarya, may mga batang anak na naghahanapbuhay at iba pa. Ang huling ulat ng APIS ay noong taong 2002. Hango sa 2000 FIES, sa kabuuang 15.3 milyong pamilya sa bansa na kadalasang may limang miyembro, pangkaraniwan ng kumita ang isang pamilya ng P144,039 at gumastos ng P118,002 sa buong taon ng 2000. Tinatayang may 5 milyong maralitang pamilya sa bansa at ang malaking bilang nito ay matatagpuan sa Rehiyon ng Bikol. Mula naman sa resulta ng 2002 APIS, may mahigit sa 3 milyong pamilya sa bansa ang walang elektrisidad.

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito sa puntong demograpikal at Istatistikal ay upang maipakita ang kahalagahan ng mga isinasagawang surbey ng Pambansang Tanggapan ng Istadistika (National Statistics Office) sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pangkalahatang mukha ng pamilyang Pilipino sa iba't-ibang rehiyon ng bansa.

Ang Kasaysayan ng Pamilya at ang Pamilya sa Kasaysayan

Francis A. Gealogo, Ph.D.
Ateneo de Manila University

Ang papel ay pagpapakilala sa umuusbong na paksain sa pag-aaral ng kasaysayang panlipunan ng Pilipinas na tumutukoy sa mag-anak at pamilya bilang pangunahing paksa. Ipinapakilala ng papel ang pagbabagong hubog ng oryentasyon, kaayusan, pagpapakahulugan at kalagayan ng pamilyang Pilipino sa pagdaraan ng panahon. May pagsusuri ding ipinapakilala sa mga batis pangkasaysayan na maaaring gamitin sa pag-aaral ng kasaysayan ng pamilya. Sa panghuli, ang papel ay pagsusuri ng potensyal ng pagbubuo ng historyograpiya ng pamilya bilang bagong espasyo ng pag-aaral.

Dalawang larangan ang tatantiyahing talakayin ng papel – ang pag-aaral ng pamilya sa kasaysayang Pilipino, at ang kasaysayan ng pamilyang Pilipino sa pagdaraan ng panahon. Ang pag-aaral ng pamilya sa kasaysayang Pilipino ay pag-aaral nang kasaysayan na bumabanggit ng kalagayan ng pamilyang Pilipino sa kabuuan ng kontekstong panlipunan. Sa iba't ibang yugto ng pag-unlad ng lipunan, binabanggit ditto ang mga pagtukoy sa mga larawan o mga imahen ng pamilya sa kanilang pagkakabanggit ng mga historyador o kaya ay ng mga batis pangkasaysayan na ginagamit. Sa ikalawang larangan, nakatuon ang pag-aaral ng kasayayan ng pamilyang Pilipino sa kasaysayan ng ebolusyon, pagbabago at pinagdaanang karanasan ng lipunang Pilipino. Tinatantiyang ang dalawang larangang ito ay maaaring tahakin at pasimulan sa pamamagitan ng mga talakayang inihahain ng pananaliksik.

Pamilya, Pag-aaral, Pangarap: Isang Pagsilip sa Papel ng Pamilya sa Pagbubuo ng Hangarin ng mga Mag-Aaral sa Hayskul

Nestor T. Castro, M.A.
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Mahalaga, kung di man pinakamahalaga, ang papel ng pamilya sa sosyalisasyon ng mga bata at ng mga kabataan. Nagsisilbi bilang huwaran ng mga bata ang kanilang mga magulang at malaki ang impluwensya nila sa paghubog sa identidad ng kanilang mga anak. Kabilang na rito papel na ginagampanan ng pamilya sa pagbubuo sa mga ambisyon at pangarap ng mga kabataan para sa kanilang sariling hinaharap. Layunin ng papel na ito na ipakita ang papel ng pamilya sa pagbubuo sa hangarin ng mga kabataang magsisipagtapos na ng hayskul. Para ipakita ang ugnayan sa pagitan ng pamilya, pag-aaral, at pagbubuo sa mga pangarap, gagamitin ang kaso ng mga mag-aaral sa apat na hayskul batay sa resulta ng pag-aaral na Filipino Youth in Transition na kinomisyon ng UNESCO at Philippine Social Science Council. Mga mag-aaral sa apat na hayskul sa Metro Manila at Pampanga ang sinarbey para naturang pag-aaral.

Ang mga magulang ba ng mga mag-aaral ang nagtatakda kung magtutuloy sa kolehiyo ang kanilang mga anak o kung sila'y magtatrabaho na? Sino ang pumipili ng kursong kukunin ng mga mag-aaral sa kolehiyo at ano ang batayan ng kanilang pagpili? Ano ang balak ng mga istudyante para sa kanilang pamilya o sa sariling pagpapamilya? Paano nila tinitingnan ang kanilang katayuan o ang katayuan ng kanilang pamilya limang taon mula ngayon? Ano ang nakikita nilang kalagayan ng bansa sa hinaharap? Ilang lamang ito sa mga katanungang gustong masagot sa pag-aaral na ito.

Makikita sa resulta ng pag-aaral na mabilis na nagbabago ang katangian ng pamilyang Pilipino lalung-lalo na sa panahon ng globalisasyon. Dahil sa mga pagbabagong ito, nagkakaroon rin ng pagbabago sa mga pananaw at mithiin ng mga kabataang nasa antas ng hayskul. Makakatulong ang pag-aaral na ito sa pag-unawa sa kasalukuyang mentalidad ng mga kabataan ng bagong henerasyon.

Teknolohiya at Pamilyang Pilipino

Jose Ma. Bartolome
GMA Network, Inc.

Cherrie Joy Billedo
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Ang papel na ito ay tatalakay sa epekto ng teknolohiya, partikular na ang cellphone at Internet, sa pamilyang Pilipino. Susuriin ang mga kaganapan sa teknolohiya sa nakaraang mga taon at ang pangkasalukuyang estado nito. Magiging batayan ito ng pagtasa sa epekto ng teknohiya sa relasyon, interaksyon at ugnayan ng mga miyembro ng pamilya. Titingnan din kung paano tumutugon ang pamilyang Pilipino sa harap ng mga pagbabagong ito. Bibigyang-diin ang mga implikasyon ng teknolohiya sa pagbubuklod at pagkabuwag ng pamilya.

Ang Pamilyang Pilipino at ang Simbahan

Josefina Malibiran, PhD
New Era University

Ang pamilya ay isang moog kung saan ang buhay ng kaniyang pamayanan ay umiikot. Sa kasalukuyan, maraming pagbabago ang kinapapalooban ng pamilyang Pilipino na nakapagpabago ng dating daloy ng kaniyang kahalagahan. Ang Simbahan, bilang institusyon na may malaking kaugnayan sa puso, damdamin at kaluluwa ng isang pamilya, ay may malaking kaukulang gampanin sa pagpapanatili ng kahalagahan ng pamilya. Gumagawa ng mga balangkas ang Simbahan upang makatulong sa mga negatibong epekto ng mga pagbabagong ito.

Tanging Yaman, Tanging Ina: Ang Pinakatatanging Imahe ng Pamilya sa Pelikula
Ang Pag-ayon at Paghamon sa Representasyon ng Pamilya sa Kulturang Popular

Alwin C. Aguirre
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Ang papel ay isang pagsusuri sa pagtunggali at pagpapatibay ng kinahiratihang pag-imahe sa pamilya sa kulturang popular. Dalawang pelikula ang gagawing lunsaran ng pagsusuri – ang *Tanging Yaman* at *Tanging Ina* – dalawang textong kontemporanyo na ating gagalugarin at hahalungkatin upang maiangat ang mga representasyon sa pamilya at ang pulitikang kaakibat ng ganitong uri ng representasyon na ipinararating sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng popular na midyum.

Kasangkot sa dalumat ng pag-aaral ang pagtingin sa kulturang popular bilang larangan ng tunggalian. Hindi maitatatwa ang lakas ng impluwensiya ng kulturang popular sa ating pang-araw-araw na buhay, at sa ayaw at gusto natin ay lagi't lagi nitong kakantiin ang pinakamaliliit na aspekto ng ating pagkatao. Ang pagtangkilik sa kulturang popular ay tila pagsuong sa isang peligrosong baybayin sapagkat kung hindi ka mananatiling mulat sa tuwina ay maaari kang tuluyang matangay ng alon. Kita pa rin ang pangunahing nagpapatakbo sa kulturang popular. At sa kadahilanang ito, maaaring mahimpil ang pagbabagong maaaring magawa sa naturang larangan dahil sa takot na hindi kumita ang anumang bago at pagbabagong gagawin at ipatitikim sa mga tao. Hindi rin maitatanggi ang kakayahan ng tagatangkilik na lumikha ng kanilang sariling kahulugan mula sa kanilang kinukunsumo.

Ang signipikasyong ito ang panig kung saan makikita na hindi rin naman lubos ang kapangyarihan ng kulturang popular na pasunurin na lamang ang mga tao. Sa ganitong kalgayan maaaring masilip ang pagtutunggaling nagaganap sa larangan ng kulturang popular. Kung pagbabago sa pag-imahe sa pamilya ang pag-uusapan, hanggang saan maaaring hamunin ng midya ng kulturang popular ang representasyong ikinintal sa atin ng kumbensiyon sa loob ng mahabang panahon?

Ang Paghahanap ng Mapagkalingang Pamilya: Ang Batas sa Pag-aampon

Prop. Elizabeth Aguiling-Pangalangan, Ll.B., Ll.M
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Naitatag ang institusyon ng pag-aampon noong magsimulang mamuhay ang tao bilang isang pangkat o pamilya. Subalit, ang kalikasan at katangian nito ay unti-unting nagbago sa paglipas ng panahon. Sa kasalukuyan, ang pag-aampon ay isang legal na kathang-isip kung saan nililikha ang lehitimong ugnayan ng magulang at anak. Sa partikular, ito ay ipinapakahulugang:

"isang legal na proseso alinsunod sa batas kung saan pinuputol ang legal na karapatan at tungkulin ng isang anak sa kaniyang natural na magulang at mga katulad na karapatan at tungkulin ay inihahalili."

Samakatuwid, ang pag-aampon ay isang panlipunang imbensiyong nilikha para sa mga layuning alinsunod sa kasalukuyang pamantayan sa pagpapamilya at pagpapalaki ng anak. Nag-iiba ang mga pamantayang ito batay sa panahon – noon, ang pag-aampon ay isang paraan upang maipagpatuloy ang lahi at angkan subalit sa kasalukuyan, ito'y isang paraan upang makapaghanap ng isang mapagkalingang tahanan sa mga inabanduna't pinabayaang kabataan.

Nakatuon ang papel na ito sa mga batas ukol sa pag-aampon sa loob ng bansa at sa pagitan ng mga bansa na naglalayong makahanap ng mga permanenteng tahanan para sa mga naulila't napabayaang mga batang Pilipino. Tinitiyak ng estado na ang mga biyolohikal na magulang ay mapapayuhan ukol sa kanilang mga opsiyon bago at matapos ang pag-aampon. Gayundin naman, tinitiyak din ng ating batas na mauunawaan ng mga nag-aampong magulang ang kanilang karapatan at tungkuling sa mga inampong bata, na sa mata ng batas, ay hindi iba sa lehitimong anak.

Tahanan at Paaralan: Magkatuwang sa Pagpapalaki ng Kabataan

Lilian Juadiong, Ph.D.
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Mahirap tingnan ang *pre-school education* nang hindi tinitingnan ang bata sa konteksto ng kanyang pamilya. May kinalaman sa pagbubuo ng malinaw na pananaw sa edukasyon ang pagpasok ng bata sa paaralan at ang mga anyo ng ugnayan sa loob ng pamilya. Pumapasok ang mga bata sa mga paaralan, dala-dala ang mga pagpapahalaga at pag-uugali na minana at natutunan nila mula sa kanilang pamilya. Habang ang paglikha ng mga karanasan ng pagkatuto na sumusuporta sa pag-unlad ng mga bata ang unang hamon sa pagtuturo, mahalagang makita at suportahan ang mismong pag-unlad ng bawat bata bilang bahagi ng isang natatanging pamilya kung saan nagsisilbing mahahalagang guro rin ang mga kasapi nito.

Sa pangkalahatan, isang kamag-anakan o *extended family* ang pamilyang Pilipino na kinabibilangan ng iba pang nakatatanda (tulad ng mga kapatid, tiyo, tiya, lolo at lola) bukod pa sa mga magulang na umaako ng pangunahing papel sa buhay ng mga bata.

Lumilitaw sa mga kontemporaryong pananaliksik na ang mga programang kasangkot ang kanilang pamilya ang pinakamabibisang programa para sa mga bata. Samakatwid, hindi magiging sapat ang pagtugon sa pangangailangan ng mga bata kung hindi natin isasaalang-alang ang mga pamilya. Magbubunga ang pag-iibayo ng ugnayan ng mga magulang at iba

pang nakatatanda ng pagtutulungan sa pagitan ng tahanan at paaralan upang mapagbuti pa ang pag-unlad ng mga bata.

Internasyonal na Migrasyon ng Manggagawa at ang Pamilyang Pilipino: Pagsusuri sa mga Dimensyong Siko-Sosyal

Stella P. Go, Ph.D.
Pamantasang De La Salle

Maaaring sabihin na walang ibang institusyong panlipunan sa lipunang Pilipino ang hihigit sa pamilya sa pagkakaroon ng malawak at malalim na impluwensya sa lahat ng iba pang aspeto ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino. Gayumpaman, tulad ng iba pang pamilya sa mundo, kinakaharap ng pamilyang Pilipino ang hamon ng mabilisang pagbabagong panlipunan. Maaaring pangkabuhayan ang pinakamalaking problemang kinakaharap ng pamilyang Pilipino sa kasalukuyan. Sa 15.3 milyong pamilya sa Pilipinas noong 2000, 34.2ng porsyento o 5.2ng milyong pamilya ang nabubuhay sa kahirapan.

Pinatutunayan ang suliranin sa kabuhayan sa bansa ng malawakang kahirapan, bumababang kinikita at mataas na bilang ng kakulangan at kawalan ng trabaho na nagtutulak sa pamilyang Pilipino na maghanap ng mga makabago at malikhaing pamamaraan upang tugunan ang mga pangangailangang pangkabuhayan. Isang katulad na estratehiya ang pagtatrabaho sa ibayong dagat. Itinutulak na mandarayuhan bunga ng mahinang kalagayang pangkabuhayan ng bansa, milyon-milyong Pilipino nitong nakaraang tatlumpong taon ang iniwan ang baybayin ng Pilipinas at tumawid sa maraming karagatan sa paghahanap ng katuparan sa kanilang parangap para sa mas mahusay na buhay.

Sa kasalukuyan, hindi lamang mga asawang lalake, ama at anak na lalaki ang nangingibang-bansa sa paghahanap ng trabaho; gayundin ang mga asawang babae, ina at anak na babae. Isang partikular na usapin para sa iba't ibang sektor ng lipunang Pilipino ang ganitong pagbabago sapagkat naghaharap ito ng hamon sa pamilyang Pilipino bilang institusyong panlipunan. Ano ang papel na ginampanan ng pamilya sa internasyonal na migrasyon ng manggagawa at anu-ano ang mga naging epekto nito? Tatangkain ng papel na ito na harapin ang mga tanong na ito.

Pag-iibigan, Pagmamahalan at Pagpapamilya ng mga Lesbiyanang Filipina

Jennifer C. Josef
Unibersidad ng Pilipinas, Baguio

May kakulangan sa mga pananaliksik at pag-aaral ukol sa same-sex family arrangements. Mababanaag sa literatura ukol sa pamilya ang iba't ibang normatibo at deficit models na mga perspektibo sa pagsussuri, na nagpapalagay na walang ibang tipo o anyo ng pamilya kungdi yaong heterosekswal at nukleyar na pamilya. Ang pagtatwa sa mga same-sex families ay natunghayan sa mga debate sa United Nations' Conference on Population and Development sa Cairo noong 1994; sa Beijing Plus 5 Conference sa New York noong 2000; at sa katatapos na Fourth World Meeting of Families sa Maynila noong Enerong 2003. Sa kabilang banda, sa pangunguna ng delegasyon ng Brazil sa United Nations Commission on Human Rights (UNCHR) noong Abril 2003, ang paghain ng di-inaasahan ngunit makasaysayang resolusyon na nagbabawal ng diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon. Inaasahang makakaharap ito ng masidhing pagtutol mula sa iba't ibang Kristiyano, Islamic at mga pundamentalistang mga grupo.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang paglalahad ng mga karanasan ng ilang lesbiyana sa pagbubuo ng alternatibong lesbiyanang pamilya. Naipahayag sa mga malalimang panayam ang mga sumusunod: negatibong karanasan mula sa pagtamo ng reproductive health care (hal., apathy, pagka-insensitibo at diskriminasyon mula sa mga health care providers); natatanging disposisyon ng mga lesbiyanang pamilya (hal., eliminasyon ng father role at ang paglikha ng pangalawang female parent role, at ang implikasyon ng mga ito sa pagiging magulang, sosyalisasyon at gender roles at mga relasyon at iba pa); paglitaw at paglikha ng bagong terminong pangkamag-anakan para sa mga umuusbong na ugnayang ito; at mga pagpupunyagi at pag-aangkop ng mga lesbiyanang pamilya laban sa patriyarkiya at homophobia (gal. mga ritwal na magpapatibay at magpupunyagi sa mga lesbiyanang pamilya, at mga domestic partnerhsip agreements at mga testamentong nagpapatunay at nagpapatibay sa family status).

Inaasahang makatulong ang mas angkop na mga imahen ukol sa lesbiyanang pamilya sa: pagbasag ng mga mito ukol sa mga lesbiyanang ina; pagbigay aral na maaaring magamit ng mga pamilya sa kanilang sariling buhay; pagbubuo ng isang balangkas ukol sa sexual rights; at pag-impluwensiya ng mga advocacy efforts tungo sa mga reporma sa mga pambansa at lokal na patakaran at palisi tulad ng anti-discrimination bill, reproductive health bill at iba pang progresibong lehistasyon.

Ang Kabataan at ang Nagbabagong Pamilyang Pilipino

Maria Theresa D. Ujano- Batangan, Ph.D.
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Layunin ng pananaliksik na alamin ang mga pagbabago sa pamilyang Pilipino, tukoy sa ugnayang magulang-anak, at ang kaugnayan nito sa pag-unlad ng kabataan. Ang pagtatalakakay ay batay sa mga pag-aaral na naisagawa sa natukoy na larangan mula 1990 hanggang sa kasalukuyan.

Sa usaping ugnayang magulang- anak, nakita sa mga pananaliksik ang kahalagahan ng iba't ibang salik o dimension ng relasyong nabanggit sa pag-unlad ng kabataang o adolesent. Ang katangian ng pagbabago at tugon sa pagbabago ay pinapaalwahan ng ng mga uri ng interaksyong namamayani sa magulang at anak. Ang ilang salik tulad ng pagbibigay suporta, pagmamahal, bukas na komunikasyon, at pagkakataong magdesisyon ay ilan lamang sa mahahalagang bagay na nakakdulot ng positibong epekto sa pag- unlad. Sa kabilang panig, ang malakas na pagtutunggali, pagkontrola, pagkaranas ng krisis, at pag-aabuso ay naka-ugnay sa pagkaranas ng suliraning sosyal at sikolohikal.

Ang katangian ng ugnayang magulang- anak ay nakaugat sa katangian ng tahanan. Naisaad ng ilang pag-aaral ang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok, ng pagbubuo ng desisyon, ng pagkatuto ng pagkilos, at ng katangian ng suporta ; sa mga tahanan ng may isang magulang at dalawang magulang. Mayaman din ang mga tinuturong direksyon sa pananaliksik ng mga panimulang pag-aaral sa mga homosekswal na ama at mga magulang na nangibang bayan, sa konteksto ng relasyong pinapanaday sa kanilang mga anak na kabataan.

Masasabing sa panahon ng pag-unlad ng nagbibinata at nagdadalaga nagiging masidhi ang impluwensiya sa indibidwal ang mga pampamilyang salik. Ang mga pampamilyang salik na nakapaloob sa ugnayang magulang-anak, ay nakakadulot ng mga pagtatanggi ng daloy ng pagbabagong dadaanan ng magulang at anak sa panahon ng kabataan o adolesens.

Ang Sikolohiyang Pilipino at Terapiyang Pampamilya sa Pilipinas

Violeta Villaroman-Bautista, Ph.D., M.F.T.
Unibersidad ng Pilipinas at
Life Transformation Institute

Ang papel ay isang paglalahad ng kapangyarihan ng pamilyang Pilipino na magdulot ng sakit at pahirap sa pagkatao at buhay ng miyembro nito, at ng kakayahan rin naman nito na maglapat ng lunas at magpatibay ng pagkatao. Mga aktwal na kaso sa terapi ang ibibigay na halimbawa. Nililinaw rin sa papel ang mga katangian ng teraping pampamilya na angkop para sa pamilyang Pilipino. Ibinabahagi rin sa papel ang katangian ng ***Life Transformation Approach to Family***

Therapy, ang lapit sa pagtulong sa pamilya na binuo ng may-akda, bilang resulta ng kanyang mahabang panahon ng pagtulong sa mga indibidwal at pamilyang may mga dalang pasanin sa buhay.

Padre de Pamilya: Phenomenolohiya ng Intimasi sa Asawa at Pagiging Malapit sa Anak na Lalaki

Roberto Moran Mendoza, Ph.D.
Pamantasang De La Salle

Ang phenomenolohiya ng mga iba't-ibang pagpapahayag ng pagiging intimayt sa asawa at pagtangkang makipag-bonding sa anak na lalaki ay inimbestigahan. Labing- isang lalaki sa kanilang edad kwarenta hanggang sisenta taong gulang, na may asawa at anak ay kinumbita para magbahagi ng kanilang karanasan at damdamin tungkol sa mga paksang may kinalaman sa pagkalalaki, pagmamahal sa asawa, pakikitungo sa anak na lalaki at rekomendasyon kung papano mapabubuti ang kalagayan ng kalalakihan.

Labing isang essensiya o pinaka-pundamental na aspeto ang nasilip at ito ay ang mga sumusunod: a) ang pagpapatingkad ng ekspresyon ng mga damdamin; b) ang pagsikap na hindi na mag-demand sa isa't-isa; c) ang dimensyong ispiritwal ay nakakapagpaiba ng pananaw; d) ang pagiging sensitibo sa mga pagkakaiba ng bawat isa sa halip na igiit ang kanyang gusto; e) ang walang humpay na pag-isip o paghahanda para sa pinansyal na aspeto sa pamilya; f) ang pag-adjust sa lakas at kahinaan ng partner at madalas na gawin na ang gampanin ng kabilang panig; g) ang palagiang pagpa-plano kung papano aasenso at lumago; h) ang pagsasakripisyo at pagpa-pasensya at paghanap ng regular na komunikasyon; i) ang paghanap ng pagkakataon na magtabi at magtalik sa kabila ng istres at kahirapan sa buhay; j) ang pagtanggap ng pagtanda at pagiging ganap sa pag-alaga k) ang maging totoo,ang maaring sumalungat, na pwedeng magtalo. Ang padre de pamilya (kasama ang kanyang asawa at anak na lalaki) na nakiki-baka sa kontekstong moderno, ay gustong maghanap-buhay, at maging buhay. Ang pagtuklas ng pagtanggap ng gampaning pambabae at ang lahok ng ispiritwalidad sa relasyon sa asawa at sa anak ay mga mayor na konklusyon.

Ang Kabataang Pilipino sa Nagbabagong Kaayusan ng Pamilya

Dr. Madelene Sta. Maria, Ph.D.
Pamantasang De La Salle

Unti-unti nang nagiging laganap ang nuklear na kaayusan sa pamilya sa lipunang Pilipino, lalung lalo na sa mga sentrong urban, bagamat makikitang malakas pa rin ang kooperasyon sa loob ng pamilya na karaniwang nangyayari sa isang *extended* na porma. Ang ganitong porma ay nananatili dahil sa pagbigay kahalagahan sa pagkakaisa sa pamilya at sa mga praktis ng

sosyalisasyon na nagfofokus sa kapasidad ng kabataang makipag-ugnay ng mahusay sa iba at sa kanilang pagbibigay malasakit sa mga taong malimit nilang nakakasalamuha. Kasama ng pagbibigay halaga sa materyal na prosperidad at ng nababawasang pagkakataong makamit ito sa loob ng pampamilyang sistema ng produksyon, hinihikayat ng mga magulang ang kabataang humanap ng ibang oportunidad sa mga sentrong urban o sa ibang bayan. Ang dumadaming pagkakataong makahanap ng trabaho sa mga siyudad, ang lumalaking pangangailangang makapagtrabaho sa murang edad, at ang pangangailangang makapagtapos ng mas mataas na antas ng pag-aaral ang siyang nag-aambag sa mga pagbabago sa buhay ng ating kabataan. Ang mga pagbabagong ito ay makikita sa paglaganap ng *mobility* ng mga kabataan at sa kanilang desisyon na ipagliban ang kanilang pag-asawa at pagtatatag ng pamilya. Ang mga pagbabagong ito ay nagdudulot ng malaking impluwensya sa kasalukuyang organisasyon ng pamilya at sa mga ugnayan sa loob nito.

Ang partisipasyon ng kabataan sa pamilya ay nababawasan, bagama't malakas pa rin ang kanilang ugnayan dito. Pinapakita ng mga nagawang pananaliksik na nababawasan ang oras na nabibigay nila sa kanilang magulang at pamilya. Mas marami sa kanilang aktibong oras ay nadadanas nila hiwalay sa kanilang mga pamilya. Dahil dito, hindi nila nakokonsulta ang pamilya sa karamihan ng kanilang mga desisyon. Ang ganitong kaayusan ay nadadanasan ng karamihan ng mga babaeng kabataan na nangangailangang magtrabaho upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya at magbigay ng suporta para maibsan ang *stress* na nangyayari sa pamilya. Sa ganitong dahilan, mas nakakadanas ngayon ang babae ng kalayaan, autonomiya, at higit na autoridad sa pamilya. Subalit ang kalayaang nakamtan ay para lamang makapagpatuloy siya at mapahusay pa niya ang kanyang tungkuling mag-alaga sa pamilya.